# Anunsyo Ukol sa Awtomatikong Pagtatala ng Mga Dayuhan sa Programang National Health Insurance Service (NHIS)

Magandang araw! Hangad namin ang kalusugan at kaligayahan mo at ng iyong pamilya.

**Simula Hulyo 16, 2019, i**pinatutupad ng pamahalaan ng Korea ang polisiyang n**ag-uutos sa mga dayuhan at overseas Korean na nananatili sa Korea sa loob ng anim na buwan o higit pa na magkaroon ng health insurance,** na nagbibigay sa kanila ng mga benepisyo ng insurance na katulad ng sa mga Korean kapag bumisita sila sa ospital o klinika.

**Dapat patiunang bayaran ng mga dayuhan (mga overseas Korean) ang kanilang medical premium bago sumapit ang ika-25 ng bawat buwan.** Ang mga bayad na ito ay magsisilbing mahalagang mapagkukuhanan ng kita na **gagamitin upang mabayaran ang mga bayarin para sa pangangalagang pangkalusugan sa mga ospital at mga klinika** para sa paggaling ng mga pasyente.

※ **Kung lumipat ka ng tirahan kamakailan, dapat mong ipaalam sa NHIS (customer service center para sa mga dayuhan o isang tanggapang pansangay), Korea Immigration Service, at iyong lokal na community center ang tungkol sa pagpapalit mo ng tirahan.**

## ▌ Anong mangyayari kapag hindi mo binayaran ang iyong premium? ▌

① (Walang pondong nakalaan sa health insurance) Kapag bumisita ka sa ospital o klinika, hindi ka magkakaroon ng pondong nakalaan sa health insurance simula sa unang araw ng sumunod na buwan hanggang sa makapagbayad ka nang buo.

② (Mga disbentaha sa ilang mga transaksyon, katulad ng aplikasyon para sa visa) Maaari kang bigyan ng Ministry of Justice ng mga disbentaha sa ilang mga transaksyon. Halimbawa, maaaring hindi ka kwalipikadong mag-aplika para makakuha ng pahintulot na manirahan o para sa visa upang makapanatili nang matagal.

③ (Disposisyon para sa hindi-pagbabayad) Kung hindi ka nakapagbayad bago sumapit ang ibininbing takdang-araw, kahit na matapos kang paalalahanan, ipatutupad namin ang paniningil ng utang sa pamamagitan ng pagpapatupad ng pagkumpiska sa iyong lupa't bahay, mga sasakyan, ipon, at iba pa.

Bilang karagdagan, nagbibigay din kami paminsan-minsan ng **impormasyon ukol sa proseso ng pagbabayad at mga pagbabago sa mahahalagang polisiya** sa pamamagitan ng text message. Mangyaring **irehistro ang numero ng iyong telepono sa NHIS upang makatanggap ng iba't ibang kapaki-pakinabang na impormasyon.**

Piliin kung ano ang iyong kailangan mula sa sumusunod na mga pagpipilian.

| **Mag-aplika para sa awtomatikong paglipat** Maaari kang awtomatikong magbayad nang hindi nag-aalala tungkol sa mga nahuling pagbabayad.

| **Tumanggap ng elektronikong mga listahan ng bayarin** Maaari kang madali at kumbeniyenteng makatanggap ng elektronikong mga listahan ng bayarin sa pamamagitan ng email.

| **Ibigay ang numero ng iyong account para sa sauling-bayad (refund)** Kung kwalipikado kang makatanggap ng sauling-bayad, kaagad naming ipadadala ang pera sa pamamagitan ng wire transfer.

**Pangulo ng National Health Insurance Service**

☎ Suporta Para sa Kustomer +82-1577-1000 / ☎ Mga Konsultasyon sa Mga Wikang Banyaga (English, Chinese, Vietnamese) +82-33-811-2000